

# 1

“Don’t worry, Mrs. Montes. I’ll do everything that I can para matulungan kayo. I’ll just have to study the documents first para walang aberya,” nakangiting balita ni Joanna sa kliyente.

“Thank you so much, Attorney. Hindi mo lang alam kung gaano ako na-relieve.” Malapad ang ngiti nito.

Nang tumayo ito ay sumunod din si Joanna. They shook hands.

Bagong kliyente nila ang ginang. Gusto nitong mag-file ng annulment ng kasal nito. Isa lang ito sa mga kasong hinahawakan niya.

Pagkatapos niyang makapasa ng bar exam ay napagkasunduan nila ng kaibigang si Cherry na magtayo ng sariling opisina kaysa mag-apply sa mga sikat na law firms. Gusto nilang sa kliyente nila maibubuhos ang loyalty nila kaysa sa papasukang firm. Hindi problema ang pera sa kanila at isa pa, they belonged to the Top 30 bar passers kaya hindi na gaanong mahirap para sa kanila ang patunayan sa iba na may ibubuga sila kahit baguhan pa lang.

Malaking tulong din ang reputasyon ng pamilya ni Cherry.

Sa ngayon ay mahigit dalawang taon na ang law office nila. At sa awa ng Diyos, marami-rami na rin silang kliyente. Taas-noo nilang masasabi sa lahat na halos lahat ng mga kaso ay naipapanalo nila.

Their firm focused on two areas of practice—corporate law and family law. Sa kanya nakatoka ang family law at mostly sa mga kasong nahahawakan niya ay pawang annulment cases. Siya mismo ang pumili niyon. Hindi dahil may tinatago siyang resentment sa mga taong buo ang pamilya kundi dahil gusto niyang magkaroon ng pangalawang pagkakataon ang mga babaeng bigo sa unang subok nila sa pag-aasawa.

“I’ll just call you kung may mga tanong pa po akong kailangan n’yong sagutin,” aniya sa kliyente.

Ngumiti si Mrs. Montes. ”Sure. I’ll see you then.” Humakbang na ito palapit sa pinto. Ngunit bago pa ito tuluyang makalabas ay humarap ito muli sa kanya. “And oh, by the way, I like your new book. A bit different from the usual, Atty. Joanna Legazpi, but it’s beautiful.”

Matamis siyang ngumiti. “Thank you.” Unti-unti niyang nilinis ang ibabaw ng mesa nang tuluyang

makaalis ang huling kliyente sa araw na iyon.

“Grabe! Hanggang kelan pa ba ’to matatapos!” daing kunwari ni Anne sa kanya nang pumasok ito ng opisina. Si Anne ang kanyang personal assistant/legal secretary. Kinuha niya ito mahigit isang taon na ang nakakaraan noong unti-unti nang dumadami ang hinahawakan niyang kaso.

“Matatapos ang alin?” nakangiting tanong niya rito. Napalapit na siya rito dahil kahit na personal na mga bagay ay napapasama na sa trabaho nito. Kahit hindi nagrereklamo ang babae, kung minsan ay nahihiya na rin siya.

“Emails and emails!” Nandidilat ang mga mata nito. “Grabe, simula pa kahapon, ang dami nang nagsusulputan para sa inyo na hindi naman natin kilala. Nakakapagod magbasa at mag-reply. Sa totoo lang,” exaggerated na binagsak nito ang balikat at bumuga ng hangin.

Natawa si Joanna. Naiintindihan niya na ang gusto nitong iparating. “Eh di, huwag mong sagutin. I can answer all their emails naman mamayang gabi. You don’t have to do that.”

Kumibit ito ng balikat at itinirik ang mga mata. “As if may panahon pa kayo sa gabi sa sobrang hectic

na schedule n'yo.”

Natawa na lang si Joanna sa sinagot nito. Workaholic ang pagkakakilala ni Anne sa kanya. Hindi niya naman ito masisisi. Somehow ay tama ito. Bukod kasi sa pagiging abogada ay nakukuha niya pang magsulat ng libro. Second profession na niya ang pagsusulat at naging hobby na rin.

Bata pa lang siya ay mahilig na siyang magbasa. College niya na nadiskubrenng may talento pala siya sa pagsusulat. Nang pumayag siyang maging feature writer ng school publication nila, hindi niya aakalaing magugustuhan ng mga ito ang ginawa niya. Simula iyon ng pagsusulat niya ng kung anu-ano. Natigil lang iyon nang tumuntong siya sa law proper at nag-concentrate na sa pag-aaral. Mas itinuon muna ni Joanna ang atensyon niya sa pangarap niya noong bata pa—ang maging abogado.

Two years ago lang niya naisipang balikan ulit ang passion. She already had two books to date. The first book was entitled ‘*Annulment = Second Life (A Step by Step Guide for Annulment)*’. Kasama niya si Cherry sa paggawa ng librong iyon. Hindi nila inaasahang papatok iyon. Considering na marami na ring naglalabasang libro tungkol sa annulment. She received lots of good feedback about it so she

decided to write another one. Pero, this time, hindi na annulment ang topic niya kundi mas naka-focus sa personal niyang buhay. Nagsimula iyon nang may isa siyang kliyente na nagkomento ukol sa civil status niya. Nasabi nitong mas masuwerte raw siya at dalaga pa—hindi nakakaranas ng sakit ng ulo, sakit sa balsa at sakit sa pusong nararanasan nito ngayon.

Noon siya nagkaroon ng ideya na magsulat ng libro na bahagyang malayo sa naunang librong ginawa niya. She gave the book the title, '*I Love Me More (How to Love Yourself and Be Happy)*'. Hinango niya iyon sa dialogue ng isa sa mga bidang babae ng napanood niyang Hollywood movie.

Halos lahat na yata ng kakilala ni Joanna ay nagtatanong kung hindi raw ba siya nalulungkot dahil walang lalaki sa buhay niya. Ngiti lang ang isinasagot niya sa mga ito. Ayaw niyang magsalita dahil tiyak na hahaba lang ang diskusyon. At hindi siya sanay na pinag-uusapan ang pribadong buhay niya.

Matagal bago niya natapos ang libro. Bukod sa marami siyang kasong hinahawakan ay nagdalawang-isip siya kung ibibigay iyon sa publishing company o hindi. Marami siyang iniisip at ikinonsidera. At matagal din bago siya nagkaroon ng sagot. Natengga

## *I Love You Most - Jean Mae Oryza*

---

pa ng ilang buwan ang libro sa computer niya bago niya tuluyang dinala iyon sa publishing company.

Just three weeks ago, the book was released in the market. And again, it was a surprised hit. Noong nakaraang linggo pa lang ay nagsusulputan na ang maraming emails sa inbox niya para magpasalamat at magkomento sa bagong libro. Masayang isipin na maraming babae siyang natutulungan sa pamamagitan ng libro niya. Marami sa mga sumusulat sa kanya ang nagsasabing mas minahal nito ang sarili pagkatapos basahin ang, '*I Love Me More*'.

Her book did not just not focus on being alone and independent. Nilalaman ng libro niya ang importance ng isang marriage kaya hindi dapat minamadali. Gusto ring iparating ng libro niya na okay lang maging single kaysa maging miserable kasama ang asawa na hindi naman mahal. She advised women to just enjoy life and wait for the 'right one' to come along.

Her book contained love stories of friends and relatives whom after a year or so of being married ended up with divorce and annulment.

Basically, ang libro ay naglalaman ng mga tips kung paano mas mamahalin ang sarili kaysa sa iba. Her book also explained why loving and knowing

yourself first would help women find the man of their dreams.

“Are all my appointments this afternoon canceled?” kompirma niya sa assistant.

“Yup! Done already. Naka-resched na sila.”

“Thank you so much, Anne! Hindi ko na alam kung ano’ng gagawin ko kung wala ka,” bukal sa loob na pasasalamat niya.

Lumabi ito. “Kung wala ako, baka nasa mental hospital na po kayo sa dami ng ginagawa n’yo,” biro nito.

Napahalakhak siya. Isa iyon sa mga gusto niya kay Anne. Hindi ito nangingiming sabihin ang totoo kahit pa siya ang boss nito.

“You can take your day off. Wala naman ako dito sa office and I’m sure nagawa mo na’ng lahat ng kailangan mong gawin.” Ngumiti siya. Isa pa iyon sa gusto niya sa babae. Masipag at kahit hindi niya pa inuutos ay nagagawa na. Kaya naman hindi din siya maramot dito.

Napahampas ito sa hangin. “Saka na lang ho ako maniningil ng day-off. For now, I still have some emails na kailangang sagutin,” tanggi nito.

“Okay, ikaw na ang bahala. Ayaw mo namang papigil,” aniya rito habang dinadampot ang shoulder bag at isinukbit. “I’d better go. Baka kanina pa ’ko hinahanap ni Karleen.”

Tumango lang ito at magkasabay na silang lumabas ng opisina.

---

Naghihintay na si Karleen Santos sa kanya sa opisina nito nang dumating siya. Kasalukuyan itong nagbabasa newspaper nang abutan niya.

“Hi there!” bati niya sa babae at umupo sa silya na kaharap nito.

Si Karleen ang editor-in-chief ng *Light Publishing, Inc.* at siyang anak rin ng may-ari. Ito ang nag-publish ng dalawang libro niya. Kilala ang *Light* sa isa sa pinaka-matatag na publishing companies ng Pilipinas. Marami na rin itong trade books na naipalabas at pumatok sa mga Pilipino. Mga self-help at financial books na sinulat ng mga kilalang negosyante ng bansa ang mostly pina-publish niyon. Kaya nga roon niya unang inalok ang unang libro niya.

“Well, hello my bestseller writer and in-demand lawyer!” Malapad ang ngiti nito sa kanya. Tiniklop nito ang binabasang newspaper at humarap sa kanya.



“So what’s up?” nakangiting tanong niya.

“Oh, nothing. Just wanna congratulate you. Sold-out na ang books mo. It was so unexpected. We even received so many good reviews and comments about it.” Itinaas pa nito ang dalawang kamay.

“Three weeks pa lang lumalabas ’yung libro. It’s so impossible na mauubos na iyon kaagad.”

“Oh no, darling. Basta Attorney Joanna Legazpi, tiyak na pupulutin agad ng mga tao at bibilhin. Three weeks na iyang number one sa mga *National Bookstore* sa Philippine fiction and literature category.”

“Masyado naman yatang mataas ang tingin mo sa ’kin. Where’re my compli books, anyway?” Pabirong isinahod ni Joanna ang isang palad. Binago niya na ang usapan para matigil na ang exaggeration nito.

“I still have to check. Huwag kang atat, Attorney. Kumusta na pala? No hearings today?”

“Nope, pero kaninang umaga meron. Pina-cancel ko ang lahat ng appointments ko this afternoon nang tawagan mo ’ko kagabi at pinapunta dito.”

“Good. Dahil magse-celebrate tayo ngayon! And I won’t take no for an answer,” biglang dugtong nito nang mapansin ang ekspresyon ng mukha niya.

“Ginagawa mo ba ’to sa lahat ng writers n’yo?” nakangiting biro niya.

Umiling ito. “Sa ’yo lang actually dahil magka-level tayo ng kagandahan. Alam mo na, birds of the same feathers flock together. And siyempre nagpapaka-feeling close ako para in case gusto kong kumuha ng annulment ay libre na.”

“Loka! So you’re planning on filing for an annulment?” sakay niya sa biro nito.

“Of course not! I was just kidding, ’eto naman. Huwag kang mag-alala hindi ka magkakapera sa ’kin.”

Natawa siya. “Akala ko hihiwalayan mo na’ng asawa mo para ipagpalit sa unknown businessman na minsan mong nabanggit sa ’kin.”

“Sino, ’yung crush ko? Naku, hanggang crush lang ’yun. Besides, kahit naman dalaga pa ’ko ngayon ay wala na rin akong pag-asa sa kanya. I heard he’s married already. For eight years if I’m not mistaken.”

“Wala na nga. What’s his name? Kilala ko ba?”

“Siguro. In fact, magkaapelyido pa nga kayo. Come to think of it, why haven’t I noticed that before? His name is Patrick Legazpi.”

Tila huminto ang ikot ng mundo niya sa narinig na pangalan.

“What?” untag nito nang wala man lang itong makuhang reaksiyon mula sa kanya. Nanlalaki pa ang mga mata.

“What?” pilit na nakatawang balik niya rito.

“Hindi mo kilala? Hindi man lang ba siya pamilyar sa 'yo or something? Eh—”

Bago pa maipagpatuloy ni Karleen ang sinasabi nito ay narinig na nila ang tunog na nagmumula sa intercom. Dali-daling sinagot iyon ng babae.

“Ma'am, a certain Mr. Patrick Legazpi is waiting here. He said he wants to see you. Wala po siyang appointment pero—”

“Oh, it's okay. Let him in,” anito at pinatay na ang intercom. Pagkuwan ay may pagkit na ngiti sa labing kumindat ito sa kanya. ”Speaking of the angel.”

Then she heard her own heart beating so fast. Kung kanina ay napagtagumpayan niyang huwag ipahalata ang pagkabigla, ngayon ay hindi na siya sigurado kung mapaninindigan niya pa iyon. Kung puwede lang lumubog mula sa kinauupuan ay ginawa niya kanina pa.

## 2

Eight years ago...

*“Sigurado ka ba talagang susunduin ka ng Daddy mo?”*

*Hindi alam ni Joanna kung makailang beses na iyong tinanong ng mga kaibigan niya. They were at the parking lot’s waiting shed. Alam niyang kanina pa naiinip ang barkada niya at kating-kati nang umuwi, pero hindi makaalis ang mga ito dahil wala pa ang daddy niya. Halos isang oras na itong late sa usapan nila.*

*Nasa talyer ang kotse niya. At sa tuwing wala siyang dalang sasakyan ay ang ama ang naghahatid at sumusundo sa kanya. Graduating student na siya sa kursong Political Science at kung ang ibang kaedad niya ay nahihiyang ihatid-sundo ng magulang, siya naman ay ipinagmamalaki pa iyon. Aminado siyang daddy’s girl siya at hindi niya iyon ikinahihiya.*

*“Sigurado ako, okay. Hindi pa ’yun bumabali ng promise niya,” paniniguro niya sa kaibigan.*

*“Parang ang tagal na kasi. Hindi naman dating nale-late ang daddy mo,” anang isa pa niyang kabarkada.*

*Pinandilatan niya ito. “Basta darating siya. Kung naiinip na kayo, you can leave me here. I can take care of myself.”*

*Itinirik ni Cherry ang mga mata nito. “As if, magagawa namin,” sabi nito.*

*Napangiti na lang si Joanna. Kaya mahal na mahal niya ang barkada niya. Maaasahan niya ang mga ito sa tuwing kailangan niya.*

*Nagkuwentuhan na lang sila para hindi mainip sa paghihintay. Nasa kalagitnaan sila ng pagdidiskusyon nang makuha ang atensyon nila ng pumaradang sasakyan sa di-kalayuan sa kanila.*

*“I so love that car. Sana pati may-ari lovable din,” maarteng komento ni Cherry.*

*“Paano kung driver lang pala ang nagmamaneho at hindi ’yung may-ari?” biro ng isa niya pang kaibigan.*

*Nagtawanan sila. Pero nahigit nilang lahat ang paghinga nang tuluyang umibis ang driver ng latest model ng Mercedes Benz.*

*“Shet...” sabay-sabay na bulong ng mga kaibigan*

*nang lumabas ang may-ari ng sasakyan.*

*At aminado si Joanna, siya man ay natulala sa lalaki.*

*The man was oozing with sex appeal. Naka-coat and tie ito na out-of-place sa kinaroroonan nilang parking lot. Katamtaman lang ang laki ng katawan nito. Hindi iyong masagwa nang tingnan dahil sa sobrang laki. Eksakto para rito ang ‘tall, dark and handsome’.*

*“Iyan ba ang pustura ng isang driver lang? Ipupusta ko ang isang taong allowance ko.” Si Cherry.*

*Walang sumagot sa mga kaibigan niya. Lahat ng mga mata ay nakapako sa lalaking naka-shades na tila may hinahanap sa parking lot. Pagkuwan ay napako ang tingin nito sa direksyon nila.*

*“Oh, my God! He’s looking at me!” Pasimpleng kinurot ni Cherry ang braso niya. Napaaray siya sa ginawa nito at nang tingnan ang mukha ng katabi ay tila hihimatayin ito sa sobrang excitement at hindi lang nagpapahalata.*

*She rolled her eyes. Oo nga’t guwapo ang lalaki at attractive. Hindi niya kinukuwestyon iyon dahil totoo naman at siya man ay napatulala sa hitsura nito. Pero may laman naman kaya ang utak nito? Baka isa lang*

*I Love You Most - Jean Mae Oryza*

---

*ito sa mga lalaking mukha lang ang maipagmamalaki.*

*“Papunta siya dito, Joanna, oh, my God! Do I look pretty?” tanong nito sa kanya na pasimple pang hinagod ng kamay ang buhok nito at nagpa-cute.*

*Natawa siya; tila ito nagbalik sa high school. Nang ibalik ni Joanna ang tingin sa lalaki ay nakitang papalapit nga ito sa kinaroroonan nila. Biglang bumilis ang tibok ng puso niya. Hindi niya masiguro kung sino nga ba sa kanila ni Cherry ang tinitingnan nito dahil sa suot nitong dark shades.*

*Nang makalapit ito nang tuluyan sa kanila ay hinubad nito ang suot na shades. The guy had a pair of brown eyes. Naramdaman niya ang panggigigil ni Cherry sa kamay niya, doon ibinunton ang pinipigilang kilig. Nagtama ang mga mata nila.*

*“Hi! Miss Joanna Montemayor?” nakangiting kompirma nito sa kanya.*

*Wala sa sariling dahan-dahan siyang tumango. Siya ang kailangan ng binata!*

*“Your dad asked me to fetch you. Medyo na-stuck siya sa meeting with my father kaya nag-volunteer na ’kong sunduin ka.”*

*Kahit pa tila nawawala sa sarili ay nakuha niya*

*I Love You Most - Jean Mae Oryza*

---

pa ring makapag-isip nang matino. Nagkunwari siyang nagdududa nang tumingin dito. “My father didn’t call me para sabihing iba na ang susundo sa ’kin.”

Tumango ito. “Yeah. As I’ve said earlier, nasa meeting pa siya. But you can call him if you want. I’m sure he won’t mind.”

Naramdaman niya ang pagkurot muli ng katabi. This time ay hindi dahil sa kilig kundi para pigilan siya. Pinandidilatan siya nito nang lingunin niya nito.

Hindi niya pinansin si Cherry. Kinuha niya ang cellphone sa bag at tinawagan ang ama. Ilang minuto muna iyong nag-ring bago sinagot ng ginoo.

“There’s some guy here named... what’s your name, by the way?” baling niya sa lalaki na nakatayo pa rin sa harapan niya.

Hindi niya malaman kung ano ang iniisip nito nang mga oras na iyon. Blangko ang ekspresyon ng mukha nito. “Patrick,” sambit nito.

“Patrick daw. You know him?” baling niya muli sa kausap sa telepono.

“Yes, hija. He volunteered to fetch you there dahil kanina pa ’ko nag-aalala sa ’yo. Nasa meeting pa kasi ako at matatagalan pa.”



*I Love You Most - Jean Mae Oryza*

---

*Napatango siya. Hindi niya na pinatagal pa ang usapan at agad nang nagpaalam.*

*“So?” nakangiting tanong ng binata sa kanya nang maibalik niya ang cellphone sa bulsa.*

*Kumibit siya ng balik at tumayo. Pagkatapos ay nagpaalam siya sa mga kaibigan. “Bye girls! Have to go now. Thank you so much” aniya at isa-isang binigyan ng beso ang mga ito.*

*“I’ll call you tonight,” bulong ni Cherry sa kanya.*

*“Yeah, sure.” Hinayaan niya na lang ang kaibigan. Marahil ay na-disappoint ito nang malamang hindi ito ang pakay ng lalaki kaya lumapit sa kanila.*

*“Let me have that.” Kinuha nito ang mga dala niyang libro hindi pa man siya nakakatango.*

*Napapitlag ang puso niya nang saglit na magkadikit ang mga kamay nila dahil doon. Nahahawa na yata siya sa mga kaibigan niya.*

*“T-thanks.” Hindi siya dating nagkakaganoon sa mga guwapong lalaki. Lalo na kung hindi niya pa napapatunayang may ibubuga rin itong katalinuhan.*

---

*“Gusto mo magmerienda muna tayo bago kita*

ihatid sa inyo?”

“Huh?” aniya.

Nagulat si Joanna sa biglang tanong ng lalaki. Simula nang makasakay siya sa kotse nito ay hindi man lang ito nagsalita. Quince minutos na yata ang nakakaraan at ngayon lang ito nagsalita.

Hindi rin naman siya sumubok na makipag-usap dito. Siya ang tipo ng taong magsisimula ng usapan. Kaya nang maramdaman niyang wala itong balak na magsalita ay nanahimik na rin siya.

“I said, do you want to have—”

“Yeah, I heard you,” putol niya. “Medyo nagulat lang ako sa biglang pagkausap mo.”

Ngumiti ito. “Sorry. Marami lang kasi akong iniisip.”

Kumibit lang siya ng balikat.

“So what do you think?”

“Ikaw. Okay lang sa ’kin. Medyo nagugutom na din naman ako,” buong katotohanang sagot niya. Hindi siya nagpapa-cute sa lalaki para magpakipot pa.

Lumapad ang ngiti nito. Mukhang nasiyahan sa sagot niya.

## *I Love You Most - Jean Mae Oryza*

---

*Ilang sandali lang ay ipinark na ni Patrick ang sasakyan sa harap ng isang restaurant. Hindi niya na hinintay pa na pagbuksan siya ng pinto ng lalaki at umibis na agad ng sasakyan. Kaya naman nang lumapit ito sa kanya ay nasa labas na siya. Iginiya siya nito papasok sa kainan.*

*“So, how did you know where to find me?” tanong niya rito nang makaalis ang waiter matapos nilang ibigay ang orders nila. Kanina niya pa iyon gustong itanong dito.*

*Ngumiti ito. “I happened to be an alumnus there. Kilala ko na ’yung security chief doon noon pa. Siya ang nagsabi kung saang waiting shed ka naghihintay. Kilala ka rin niya yata.”*

*Napatango siya. Nakagaan niya na rin ng loob kahit paano ang tinutukoy nitong security guard. At hindi niya inaasahang doon din pala nagtapos ng kolehiyo si Patrick.*

*Marami pa siyang natuklasan sa lalaki. At habang nag-uusap sila ay unti-unting nagkaka-crush siya rito. Hindi lang ito guwapo, matalino din. Nakakasabay ito sa mga topic na sinasadya niyang simulan. Nagpapalitan sila ng kuru-kuro. Umabot pa nga sa puntong muntik na silang magkapikunan dahil pareho silang ayaw magpatalo. Nagkatawanan na lang sila*

*I Love You Most - Jean Mae Oryza*

---

*nang mapagtantong masyado na nilang sineseryoso ang usapan.*

*Natapos ang araw na iyon na wala na ang agam-agam niya sa lalaki. The guy was worth her affection after all. Hindi masamang ipagpatuloy niya ang crush niya rito. At kung tutuusin, kahit noong hindi niya pa nasisigurong matalino ito ay may crush na siya kay Patrick, ayaw niya lang aminin. Pero ngayong nalaman niyang hindi lang ang pagiging guwapo ang kaya nitong ipagmamalaki ay mas lalo niya itong nagustuhan.*

---

“Good afternoon. I didn’t expect to see you here,” masayang bati ni Karleen sa kakapasok lang na lalaki sa opisina. Iyon ang nagpabalik sa isip ni Joanna sa kasalukuyan. Tumayo pa ang publisher upang salubungin si Patrick.

Nagtama ang mga mata nila ng huli. Mukhang hindi man lang ito nagulat na nandoon siya. Una siyang nagbawi ng tingin at nagkunwaring kumuha ng newspaper sa ibabaw ng mesa ni Karleen. Ngunit wala siyang maintindihan sa mga binabasa niya.

“Well, I also didn’t expect Atty. Legazpi would be here,” seryosong sagot nito.

“How can I help you?” ani Karleen; hindi man lang nakahalata sa kakaibang tension sa pagitan nila ng bagong dating na bisita. “By the way, this is Atty. Joanna Legazpi, one of our writers.”

“I know. She’s actually the reason why I wanted to see you. And I’m pleased to know she’s here. At least, masasabi ko nang direkta sa kanya ang mga gusto kong sabihin tungkol sa libro niya.” Mabigat ang mga kamay na nilapag nito ang aklat sa mesa ni Karleen.

Sabay silang nagulat ng babae. Hindi niya inasahang magkakaroon ng sariling kopya ang lalaki ng libro niya.

“I didn’t know you’re one of my fans.” May himig sarkasmo ang tono niya. “Are you here for my autograph?”

Ngumiti rin ito sa kanya. ”Save that for somebody else. I already have your signature a long time ago.”

Naikuyom niya ang mga palad sa sinabi nito.

“Wait, you two know each other?” singit ni Karleen sa usapan. Gulat na gulat ito.

“Then why are you here?” may diing tanong niya. Mukhang naramdaman na rin sa wakas ni Karleen

ang tensyon sa pagitan nila ng lalaki. Tumahimik ito nang wala ni isa man sa kanila ang sumagot sa tanong nito.

“Because I want you to stop printing this and pull-out all your books from all bookstores.”

“Excuse me? And who are you to order that? Presidente ka ba ng Pilipinas?”

Nakita niya ang pagnganga ni Karleen nang marinig ang sinabi ng lalaki.

Hindi niya napigilang tumayo para magtapat nang kaunti ang mga mata nila. Kahit pa sabihing five feet and three inches lang siya, hindi katulad nito na five feet and eleven inches. Namaywang pa si Joanna sa harapan nito. Ang kapal naman nito para basta na lang pumasok sa opisina nang may opisina at utusan silang itigil ang pagpi-print at pag-distribute ng libro. As if naman puwede iyon.

“No. Pero kung hindi n’yo ’to gagawin, kahit madaling araw ay iistorbohin ko ang Presidente sa Malacañang, makuha ko lang ang gusto ko!”

“Ano ba’ng problema mo? Hindi naman kita inaano, ah!” Nandidilat na ang mga mata niya. Wala siyang pakialam kung bisita lang din siya sa opisinang iyon. Hindi niya basta-basta matanggap na bigla itong

susulpot at akala mo kung sinong hari na uutusan siya.

“The problem is pino-pollute mo ang utak ng mga readers mo!” sigaw nito. “You’re telling them not to settle down dahil sa mga walang katuturang rason mo!”

“Excuse me! Hindi ko dinidiktahan ang readers ko, ha. At paano mo masasabing walang katuturan? If you happen to read the book, I’m merely stating that it’s better to wait for the right one and not just settle for just anyone. Hindi ko sinabing maging matandang dalaga na ang lahat ng babae,” may diing sabi niya.

“I’ve read your book. At sa nabasa ko, hindi iyon ang totoong intensyon mo. Paano pa magkakaroon ng lakas ng loob ang mga babaeng magpakasal kung hindi pa man sila nakakasubo ay sinabihan mo nang mainit ang kanin?” asik nito.

“Hindi ko hawak ang utak nila.” Umigkas ang isang kilay niya at saka napahalukipkip. “Binibigyan ko lang sila ng insight, that’s all. I wanted them to be serious when it comes to settling down. At hindi iyong basta na lang magpapakasal dahil pinilit sila ng kung sinuman, pini-pressure o minamadali,” makahulugang saad niya.

Umangat ang isang dulo ng labi ni Patrick. Nakuha ang pagpaparinig niya. “So this is what it’s all about... you’re not yet over with the past.”

Tila umusok ang bumbunan niya. She gritted her teeth. “How dare you. Kung natatamaan ka sa mga sinulat ko, wala akong magagawa. Hindi ako ang konsyensya mo.”

“Hah!” He grinned. “Natatamaan? You wish! Your readers are my main concern.”

“Hindi nila hinihingi ang concern mo. Siguro naman matatanda na ang mga nagbabasa ng libro ko. At puwede ba, kung natatakot ka na maiimpluwensyahan ko ang girlfriend mo, hindi naman n’un mababago ang sitwasyon. Mag-tumbling ka man sa harapan ng nobya mo o ng pari, the fact still remains, you can never marry her.”

“Oh, it’s a good thing you mention that! May isa pa akong reklamo and this concerns me so much. You’re fooling your readers.” Dinampot nito muli ang librong nasa mesa.

“Excuse me?” Naguluhan siya. Inilapit ni Patrick ang libro sa mukha niya. Kulang na lang ay maduling siya sa sobrang lapit niyon. “Puwede ba!” naiinis niyang reklamo at itinulak ang libro palayo sa mukha



niya.

“This!” singhal nito sabay turo sa parteng ibaba ng back cover kung saan ay naroon ang maiksing ‘*About The Author*’ portion. “Ang lakas naman ng loob mong sabihin na you’re single at the age of twenty-eight. Eh, twenty-one palang, may asawa ka na.”

Nahagip ng mga mata niya ang pandidilat ni Karleen sa rebelasyong iyon ng lalaki. Napatakip ito sa sariling bibig.

Doon na humulagpos ang lahat ng inis niya sa lalaki. Nangingkit ang mga mata niya. “Wala kang karapatang pakialaman ang buhay ko!”

Nakakaloko ang ngiting ibinigay ni Patrick sa kanya. “Of course, I have. Because, my dear Joanna, whether you like it or not, I’m still your husband.”

“What!”

“How dare you!”

Napuno ng magkapanabay nilang sigaw ni Karleen ang sigaw ang buong opisina. Ngunit tila hindi man lang iyon nakaapekto sa lalaki. Inaasahan na nito ang reaksiyon nilang iyon.

### 3

*“No!” Dumagundong sa buong bahay ang sigaw ni Joanna. Kasalukuyang nasa sala ang buong pamilya niya at seryosong nag-uusap. O seryoso nga bang matatawag iyon? Tila isang malaking biro ang lahat ng ito!*

*“You can’t just ask me to marry someone kahit pa labag sa kalooban ko!” aniya sa mga magulang. Gustung-gusto niya nang umiyak, pero walang lumalabas na luha sa mga mata niya. Naiinis siya sa mga ito.*

*“Pero, anak, this is for your own good,” anang mommy niyang si Cristy.*

*“My own good? Kabutihan ba iyong pilitin n’yo ’kong pakasalan ang isang taong hindi ko naman mahal?”*

*“But I thought you like him?” tanong ni Jonathan, ang daddy niya.*

*“Like, Dad, not love!” may diing klaro niya.*

*“Then, that’s a start. Doon din naman ’yan mauuwi, hija, eh,” balewalang anito.*

## *I Love You Most - Jean Mae Oryza*

---

*Napailing siya at napasabunot sa sariling buhok. “Dad, please don’t ask me to do this. Alam mong marami pa ’kong pangarap sa buhay.” Nagsusumamo ang mga mata niya.*

*Sa isiping mawawala sa kanya ang lahat ng pinlano niya ay saka niya naramdamang namamasa na ang mga mata niya.*

*Halos hindi makatingin nang derecho sa kanya ang ama. Higit kanino man, ang daddy niya ang nakakaalam ng mga plano niya sa buhay.*

*“Hija, kapag hindi mo ginawa ito, mawawala din ang pangarap mo. Lubog na lubog na tayo at baka ilang buwan na lang, isasara na ang factory. Ang pagbebenta lang ng malaking parte niyon ang magsasalba sa atin. Patrick’s parents are willing to help us, magpakasal ka lang sa anak nila. Iyon lang ang hinihingi nila at masisiguro na natin ang future mo.” Ang mommy niya ang sumagot.*

*“Lang? Mom, we’re talking about marriage here and my future. Ayokong magpakasal sa taong hindi ko mahal! At paano na ang pag-aaral ko kung magkakaroon ako ng asawa?”*

*“Patrick assured me na maglo-law ka pa rin kahit mag-asawa na kayo.”*

## *I Love You Most - Jean Mae Oryza*

---

Nanlumo siya nang banggitin ng ina ang pangalan ng lalaki. Ni hindi man lang ba ito tumutol sa arranged marriage na iyon? Basta na lang ba ito pumayag? Ang buong akala niya pa naman, may sariling desisyon ang lalaki. Iyon ang ipinakita ni Patrick sa kanya sa ilang beses na nilang paglabas-labas.

Unti-unti pa namang nahuhulog ang loob niya rito. Pero dahil sa ginawa nito ay napalitan ng inis ang pagkagusto niya sa lalaki. Naikuyom ni Joanna ang kanyang mga palad. Nagkamali siya ng pagkakakilala sa binata. Ito ang lalaki, dapat ito ang unang tumutol sa kasunduan ng mga magulang nila.

“Mom, I’m only twenty-one years old, wala pa sa plano ko ang magpakasal! Ito ba ang plano n’yo noon pa man? Kaya pilit n’yo kaming pinaglalapit ni Patrick sa isa’t isa at kaya masyado kayong close sa pamilya nila? Para gamitin sila at nang hindi mawala ang factory?”

“Joanna! Sumusobra ka na!” Napasigaw si Cristy dahil sa huling sinabi niya.

“At anong klaseng pamilya sila para humingi ng kapalit sa pagtulong sa atin?” Binalewala niya ang saway ng ina. Sasabihin niya kung anuman ang gusto niyang sabihin mailabas lang ang galit niya.

## *I Love You Most - Jean Mae Oryza*

---

*Bata pa lang siya ay gustung-gusto niya nang maging abogado. Hindi niya pinapansin ang mga lalaking nanliligaw sa kanya dahil nakatuon lamang sa pag-aaral ang atensyon niya. Nagtapos siyang cum laude. Everybody was expecting that she would excel in her chosen career. Ano na lang ang iisipin ng mga kaibigan niya?*

*“Naniniguro lamang sila. Hindi biro ang gagawin nilang pagsagip sa atin. Kung tutuusin ay lugi nga sila kung bibilhin ang factory,” mahinahong paliwanag ni Jonathan.*

*“No. Hindi ako magpapakasal and that’s final.” May pinalidad sa boses niya at pagkuwan ay tinalikuran ang mga magulang.*

*“Dad!” sigaw ng mommy niya na nagpalingon sa kanya.*

*“Dad!” Napasigaw na rin siya nang makita ang amang sapo-sapo ang dibdib nito. Tarantang dinaluhan niya ang mga magulang.*

*Kapag may nangyaring masama sa ama dahil sa pagiging insensitive niya, hinding-hindi niya mapapatawad ang sarili.*

---

*I Love You Most - Jean Mae Oryza*

---

*Tahimik na pumasok sa loob ng bahay si Joanna. Nilibot ng kanyang mga mata ang loob niyon. Mula sa araw na iyon ay doon na siya uuwi at matutulog. Hindi niya na kasama ang mga magulang sa bahay.*

*Halos isang buwan na siyang tila walang nararamdaman. Sumusunod na lang siya sa agos ng mga nangyayari.*

*“Do you want to get some rest?”*

*Napalingson siya nang magsalita si Patrick—ang asawa niya simula kaninang umaga. Bitbit nito ang dalawang maleta niya.*

*Matapos ang wedding reception ay dumerecho na sila sa bahay na iyon. Nakahanda na ang lahat ng gamit niya para sa gagawing paglipat doon. Kasama niya ang lalaki nang magpaalam siya sa mga magulang. Maluha-luha sina Jonathan at Cristy nang magpaalam siya rito.*

*Hindi siya umimik kahit nang yakapin siya ng daddy niya. Pero hindi naman siya bato para hindi maiyak nang mag-apologize ito. Galit man siya ay mahal niya pa rin ito. Kaya nga napapayag siyang maikasal kahit labag sa kalooban niya ay dahil mahal niya ito.*

*Hanggang ngayon ay ina-absorb pa ni Joanna ang*

mabilis na mga pangyayari sa buhay niya. Matapos atakehin sa puso ang ama, wala na siyang nagawa kundi pumayag sa hiling ng mga magulang.

*She wanted a civil wedding though. Pero hindi pumayag ang mama niya at gayundin ang ina ni Patrick. Kaya kahit labag sa loob niya ay isang engrandeng kasal ang nangyari. Sa parte niya, tanging si Cherry lamang ang inimitahan niya sa kasal. Hindi pa siya handang sabihin sa ibang kaibigan ang tungkol sa pagpapakasal niya. Ang buong akala niya pa nga ay hindi na pakikinggan ng mga ito ang mga hiling niya. Pero kahit paano, pinagpasalamat niya ang hindi pagpipilit ng mga ito na magkaroon sila ng honeymoon ni Patrick sa Hong Kong. Bukod sa hindi niya naman kagustuhan ang pagpapakasal ay kailangan niya na ring mag-enroll. During her wedding preparation ay naisingit niya pa ang interview nila ni Cherry sa law school na papasukan. Pareho silang nakapasa kaya naman next week ay mag-e-enroll na sila.*

*“Here’s your room,” anang lalaki nang makarating sila sa tapat ng pinakadulong pinto sa ikalawang palapag. Binuksan nito iyon at bahagyang pumasok.*

*Hindi nakalagpas sa kanya ang sinabi nito, “My room?” kompirma niya.*

*Kumibit ito ng balikat. “Well, I figured since hindi*

*I Love You Most - Jean Mae Oryza*

---

*naman normal ang pagpapakasal natin, gusto mong mapag-isa muna sa kuwarto.”*

*Matipid siyang ngumiti. “Thanks. I appreciate it.”*

*Ipinasok nito ang mga maleta niya sa loob ng kuwarto.*

*“Salamat,” ulit ni Joanna.*

*“It’s nothing. By the way, gusto mo bang samahan kita sa enrollment mo next week?”*

*Umiling siya. “Huwag na. Kasama ko naman si Cherry kaya okay lang.”*

*Hindi niya alam kung guni-guni niya lang ang nakita niya. Pero napansin niyang tila lumambong ang mga mata ni Patrick sa pagtanggap niya sa alok nito. “But I guess, puwede naman kitang mahatid at masundo?”*

*Tumango na lang siya. Hindi niya makayang pakitaan ng masama ang lalaki. Hindi nagbabago ang pagtingin nito sa kanya. Mukhang mas naging gentleman pa nga ito at maasikaso. Tila masaya pa ang lalaki habang naghahanda at animo hindi napapagod. Kung naiba-iba lang ang siguro ang sitwasyon, malamang na hindi niya tanggihan ang plano ng mga magulang nila.*



## *I Love You Most - Jean Mae Oryza*

---

*Masama ang loob niya. Hindi lamang kay Patrick kundi maging sa mga magulang nila. Higit sa lahat sa sarili niya. Because they left her with no choice. Kung mayroon man ay hindi niya rin makakayang gawin dahil sa sobrang pagmamahal sa ama. It was either to fulfill her dreams or disappoint her dear father. Ayaw na ayaw niyang makitang nahihirapan ang ama. Mula pagkabata ay ibinigay nito sa kanya ang lahat. Walang siyang hiniling na hindi nito tinupad at wala rin itong hiniling sa kanya sa kabila ng lahat ng mga sakripisyong ginawa nito para sa kanya.*

*Ngayong lang. Isang kahilingang napakabigat tuparin para sa kanya. Gayunpaman, tinupad man ni Joanna ang hiling ng mga ito, hindi iyon nangangahulugan na kailangan niyang mag-astang asawa kay Patrick. At kung hanggang kailan mawawala ang sama ng loob niya ay hindi niya alam. Sa ngayon, wala siyang ibang gustong gawin kundi ang mapag-isa.*

*“Patrick...” tawag niya sa lalaki bago pa man ito mawala sa paningin niya.*

*Lumingon ito.*

*“Did you try to stop this arranged marriage?” Iyon ang isang tanong gustung-gusto niyang malaman.*

*“Honestly? No.” Umiling pa ito. “I will be honest*

*I Love You Most - Jean Mae Oryza*

---

*with you, Joanna. Una pa lang kitang nakita ay nagkagusto na 'ko sa 'yo. Iyon din ang dahilan kaya palagi kitang iniimbitahang lumabas. And when my mom proposed this marriage, hindi na 'ko tumanggi. I don't have any girlfriend at nagpapalano na talaga akong ligawan ka. It's not a bad idea. Akala ko ay magiging okay lang sa 'yo kaya hindi na 'ko tumanggi. I'm sorry." Nakita niya sa mga mata nito ang sinserong paghingi ng paumanhin.*

*Wala sa sariling tumango siya. Twenty-seven years old na ito at nasa tamang edad na ito para mag-settle down. May narating na rin ito.*

*Pero siya? Napakabata niya pa. Madami pa sana siyang pangarap na puwedeng tuparin.*

*Ngayon, pakiramdam niya ay tila wala siyang kakampi.*

---

*"Yes, my dear wife, how dare me." Nakakaloko ang ngiti ni Patrick kay Joanna.*

*"Mag-asawa kayo!" bulalas ni Karleen. Hindi pa rin ito makapaniwala sa narinig.*

*"No," may diin at galit na sabi niya.*

*"Yes," kampanteng sagot ng lalaki.*

Ang magkapanabay nilang sagot ay nagpalito sa publisher. Nagpalipat-lipat ang tingin nito sa kanila.

“Really, love, do you still want me to show her our marriage certificate?”

Naniningkit ang mga mata na tiningnan ito ni Joanna. “Will you please stop calling me that?”

“Totoo ba, Joanna?” tanong ni Karleen sa kanya.

Naipikit niya ang mga mata sa sobrang inis at pagkatapos ay bumuga nang marahas na hangin. “Well, technically, yes. But we’ve been separated for six years with no communication at all. Kaya nga nagtataka ako kung bakit pa sumulpot iyan dito.”

“You know what, your nonsense book made me realize na nakakulong ka pa rin sa nakaraan. Dahil kung hindi, hindi mo na sana binabalikan pa ang mga nangyari noon. I thought you’re happy and contented with what you have right now? Seems to me, you’re still stuck in the past.”

“Asa ka pa! Ang kapal naman ng mukha mo! I’m so over it! Kaya nga nakaya kong i-share sa lahat ang karanasan ko noon dahil hindi mabigat sa loob kong balikan iyon. Ayokong maranasan nila ang pagkakamaling ginawa ko noon.”

“Oh, really?”

“Really!” napipikong asik niya.

“That easy?” Ngumiti pa ito.

“Surprised?” Pilit niyang ginagantihan ang sarkasmo nito. Gumanti siya ng ngiti. Pero kilala siya ng lalaki, alam nitong madali siyang mapikon.

“I don’t think so. Sigurado ka ba o iyon lang ang pilit mong tinatatak sa isip mo?”

“I have so many reasons para kalimutan ang kung anuman ang meron tayo noon.”

“Sige nga. Give me ten reasons.” Nakakaloko ang ngiti nito.

“Isang rason lang ang kailangan ko, Patrick,” seryoso at makahulugang saad niya.

Nakuha naman agad nito ang ibig niyang iparating. Nagseryoso rin ito. “Wala kang pruweba sa tinutukoy mong rason. Alam nating pareho ’yan noon pa man. Kaya nga hanggang ngayon legal pa rin ang kasal natin, di ba?” paalala nito.

“Pero alam ko sa sarili ko na tama ako.”

“You still can’t get over it, can you?” nakangiting tanong nito.

“I don’t see any reason to prove that to you.”

“Six years, Joanna,” may diing sabi nito. Humakbang ito papalapit sa kanya nang hindi inaalís ang pagkakatingin sa kanya. “Six years kitang hinayaang mamuhay nang mag-isa. You needed time to be alone so hinayaan kita. Hindi kita ginulo at ni isang salita wala kang narinig mula sa ’kin. You wanted to fulfill your dreams and be independent, sinuportahan kita dahil alam kong noon pa man ay iyon na ang gusto mo. Pero ang sabihin sa lahat na dalaga ka pa?”

Umiling-iling ito. “It’s just too much. Wala akong sinabi na puwede ka nang mamuhay na parang isang dalaga. Wala akong natatandaang pumayag akong ipangalandakan mo sa buong mundo na puwede kang ligawan ng sinasabi mong ‘*right one*.’” Iminuwestra nito sa hangin ang quote and unquote sign. “Higit sa lahat, I never gave up my rights as your husband.”

She was caught off guard by his words. Hindi siya sanay na pinag-uusapan ang nakaraan nila. Pilit siyang nagpakatatag at sinalubong ang nang-uusig na tingin ng asawa. Itinaas niya ang isang kilay. “You already gave that up the moment you chose to—”

May banta sa mga mata nito. “Bawiin mo ang sinabi mong dalaga ka pa or else—”

*I Love You Most - Jean Mae Oryza*

---

“Or else what?” putol niya rin sa iba pang sasabihin nito. Nanghahamong sinalubong niya ang tingin nito.

Sa halip na matakot ito ay nakakaloko pa itong ngumiti. “You’ll see.”

Iyon lang at umalis ito, dala pa rin ang libro niya.

*Ang kuhpal talaga ng mukha!*